

## OPISYAL NA PAHAYAG

04/22/2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach (JIC, inisyal sa Ingles), 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov), Para sa mga Residente Mangyaring tumawag sa 562.570.INFO

Para sa Agarang Pahayag

## Ang Aklatang Pampubliko ng Long Beach ay Nagkokonekta ng mga Pamilya sa mga Mapagkukunan gamit ang Bagong Pahina ng Web ng Aklatan



Long Beach, CA - Ang mga residente ng Long Beach ay maaaring makahanap ng mga libreng serbisyo, kasama ang panlibangan, pag-aaral sa online, at suporta para sa mga naghahanap ng trabaho sa pamamagitan ng bagong pahina ng web [lyong Aklatan para sa Tahanan](#) ng Aklatang Pampubliko ng Long Beach. Ang pahina ng web na ito ay idinisenyo upang maging isang “one-stop shop” para sa mga residente habang sarado ang mga aklatan at habang umiiral ang “Masligtas na nasa Bahay” na utos.

“Pinadali ng bagong *lyong Aklatan para sa Tahanan* na webpage para sa mga pamilya sa Long Beach na magamit ang mga mapagkukunan ng aklatan sa panahon ito na kinakailangan ng pisikal na distansya,” sabi ni Mayor Rober Garcia. “Ang site na ito ay isang ekselenteng mapagkukunan na sumisigurago na pwedeng magamit ang aklatan ng lahat.”

Residents can easily obtain a Long Beach Public Library (LBPL) card although libraries are closed. Sign up online; then call 562.570.7500 to connect with library staff and activate the card.

Madali lamang makakuha ng Long Beach Public Library (LBPL) kard kahit nakasarado ang mga aklatan. Mag-sign up online; tapos tumawag sa 562.570.7500 upang makakonekta sa kawani ng aklatan at aktibahin ang inyong kard.

Ang isang numero ng library kard at PIN ay maaring makapagbukas ng virtual na pintuan sa iba't ibang mga mapagkukunan para sa buong pamilya, kasama ang mga sumusunod:

- Gale Kurso, nagbibigay ng mga kurso na may antas pang kolehiyo, propesyonal na pag-unlad, at mga personal na pag-unlad;
- Brainfuse HelpNow, nagbibigay ng live na tulong online pa araling-bahay;
- *Mango Languages*, mga pag-aaral ng wika sa online, kasama ang ESL at 70 wikang hindi Ingles;
- Testing and Education Reference Center, kung saan ang mga tao ay maaaring magsanay para sa mga pagsusulit sa SAT, AP o mga pagsusulit para sa U.S. Citizenship;
- Mga Audiobook and mga eBook.

“The mission of the Long Beach Public Library is to meet the information needs of everyone in our city,” said LBPL Director Glenda Williams. “In these historic times, we are working harder than ever to make sure every resident has free access to books and information online with Your Library at Home.”

“Ang misyon ng Aklatang pampubliko ng Long Beach ay upang matugunan ang pangangailangan ng impormasyon ng lahat na nasa aming lungsod,” sabi ng Direktor ng LBPL na si Glenda Williams. “Sa mga makasaysayang oras na ito, nagsusumikap kami upang masiguro na ang lahat ng mga residente ay may libreng pag-access sa mga aklat at impormasyon sa online gamit ang *Iyong Aklatan para sa Tahanan*.”

Ang aklatan ay nag-host din ng mga virtual na kwento sa pamamagitan ng kanilang [Facebook](#) at [YouTube](#).

Mangyaring tawagan ang Aklatang Pampubliko ng Long Beach sa 562.570.7500 mula 10 a.m. hanggang 5 p.m., Martes hanggang Sabado, kasama ang anumang mga katanungan na may kaugnayan sa aklatan o para sa karagdagang impormasyon.

Para sa pinaka bagong impormasyon sa COVID-19 at mga detalye ukol sa mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatili ang kaligtasan ng kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter, at Instragram.

###